

Modyul 1

Pagsusuri Batay sa Elemento ng Tula

At Paraan ng Paglalahad



Tungkol Saan Ang Modyul Na Ito?

Kumusta ka na kaibigan? Ako ang una mong aralin. Aking ikinagagalak na iyong pag-uukulan ng pag-aaral ang dalawang akda ng ating dalawang magigiting na bayani.

Una, isang tulang sadyang para sa iyo. Magtuturo ito ng mahahalagang aral ng ating pangunahing bayani ng mga kaisipang nagpapahalaga sa paggamit at pagpapalaganap ng sariling wika. Kaibigan, ikaw ba’y kaisa ni Rizal ukol dito? Dapat kang tularan kung ganoon.

Sa akdang ito, pansinin mo rin ang kamulatan, kamalayan at pag-ibig ni Rizal sa lipunan at sa bayan. Alam mo bang ang batang si Jose ay nagkaroon ng edukasyon mula sa kanyang ina na kahit hindi nag-aral ng pagtuturo ay naging mabisang guro. Patunay rito, sa gulang niyang walong taong gulang naisulat ng pinakadakila sa ating mga bayani na si Dr. Jose P. Rizal ang tulang, Sa aking Mga Kabata.

Maniwala ka, samantalang ito’y gawa ng isang batang wawalong taong gulang, ang malalim na diwa nito at ang kaganapan sa sukat, sesura at tugma nito ay kahanga-hanga. Sabi nga, ito ang inaakalang unang tula ni Rizal, ngunit maaaring may nauna pa. O, hindi nga ba’t sadyang natatangi ang talinong taglay ni Rizal. Ikaw man, malay mo baka may potensyal ka ring tulad niya. Walang masama kung susubukan mo. Di ka dapat mag-alala, tutulungan kitang maging madali at tiyak na magiging magaan mong mauunawaan ito upang huwag kang malihis sa diwa at isipan ni Dr. Rizal.

Ang bayani namang si Emilio Jacinto, kilala mo ba? Magaling, tama ka, siya nga ang Utak ng Katipunan. Ang sinulat niyang “Ang Pag-ibig” ang ikalawang akda na pag-aaralan mo ay masasalamang ang sinabi niyang “Walang lalaki maliban sa isang duwag ang makatatagal na pagmasdan ang unti-unting pagkamatay ng kanyang lupang sinilangan.” Natitiyak kong maiibigan mo ito sapagkat may kaugnayan ito sa tunay na kahulugan at kahalagahan ng pag-ibig.

Sa gulang mo ngayon, nasisiguro kong sasang-ayon ka na ang pag-ibig ang pinakadakila sa lahat ng damdamin ng tao.

Minsan mo na bang nasubok ang kahalagahan ng mga taong nakapaligid sa iyo? Nasuklian mo ba ang pagkalinga’t pagmamalaskit na kanilang ipinakita’t ipinadama? Sadyang kaypalad ng mga taong nakalapas ng tunay na pagmamahal sapagkat hindi lahat ay napag-uukulan ng ganitong pagtatangi. Ligaya rin ng sinuman na ang pagmamahal na kanilang ipinadama ay suklian din ng

gayon. Sa ganitong pagkakataon, isang katotohanan na ang pagtanaw ng utang na loob ang pinakatampok sa mga kagandahang-asal, kung baga sa mga hiyas ang pinakapalawit nito ay ang karunungan, tumanaw ng utang na loob na sukatan ng buong puso at walang hanggang pasasalamat.

Sumasang-ayon ka ba sa sinasabing ang Pilipino maging kayong mga kabataan ay katutubong makata sa puso, diwa at sa salita. Totoo yan! Patutunayan ko sa iyo! Ngayon pa lang binabati na kita ng buong lugod. Batid kong magtatagumpay ka! Kaibigan kaya mo ito! Simulan mo na!



Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa/pag-unawa sa iba't ibang genre ng panitikan.

I



Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Malaking tulong sa iyo ang modyul na ito na siyang magiging gabay mo sa sariling pagkatuto. Higit na magiging mabisa at makabuluhan ang iyong pag-aaral kung malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat isaalang-alang at marapat lamang sundin.

Huwag kang mabahala, madali lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo nang buong katapatan ang Panimulang Pagsusulit o ang bahaging Ano Ba Ang Alam Mo? Masusukat nito ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.
2. Hingin mo sa iyong guro ang susing sagot. Maging matapat ka sa pagwawasto ng iyong mga sagot. Kung nagkaroon ka ng maraming mali, huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko
3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.
4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka sa pagwawasto.
5. Tandaan, kaibigan mo ang modyul na ito. Sagutin mong mabuti. Huwag mong susulatan at pakaingatang huwag masira.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



Ano na ba ang alam mo?

Magsisimula ka na rito. Huwag kang mag-alala sa pagsusulit na ito. Layon ng pagsusulit na ito na masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Sa napakamurang gulang, ang tulang naisulat ni Rizal noong siya'y walong taong gulang ay:
 - a. Sa Aking Mga Kabata
 - b. Kundiman
 - c. Ang Unggoy at Pagong
 - d. Mariang Makiling
2. Sa tulang "Sa Aking Mga Kabata," sa bawat taludtod na taglay ang ganda at estilo ng may-akda, madarama mo ang
 - a. paghihimagsik
 - b. pagkamakabayan
 - c. pagmamahal
 - d. pagkabigo
3. Isang uri ng panitikan na nagpapahayag ng kaisipan o diwa sa pamamagitan ng maayos at piling- piling mga salita
 - a. maikling kuwento
 - b. dula
 - c. nobela
 - d. tula
4. Ang pagkakaroon ng isang tunog ng huling pantig sa bawat taludtod na lubhang nakakaganda sa isang tula ay
 - a. sukat
 - b. tugma
 - c. himig
 - d. diwa
5. Ang pinatungkulan ni Rizal ng mensahe ng kanyang tulang " Sa Aking Mga Kabata "ay ang:
 - a. pulitiko
 - b. mamamayan
 - c. kabataan
 - d. matatanda

6. Kapag ang isang akda ay naglalahad ng sariling palagay, pananaw o kuru-kuro ng manunulat tungkol sa isang paksa tinatawag itong
- a. talambuhay b. balita
c. sanaysay d. talumpati
7. Ang paglalahad sa isang paksa upang maging kawili-wili ay kailangang mabisa at
- a. malinaw b. makatwiran
c. mapitagan d. maligoy
8. Ang taong tunay na nagmamahal sa kanyang kapwa ay handang
- a. magpaalipin b. magpakasakit
c. magpakamatay d. magdusa
9. “Pag-ibig na labis na makapangyarihan,
Sampung mag-aama’y iyong nasasaklaw,
Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman
Hahamakin ang lahat _____
- a. madama ang pagmamahalan
b. maarok lang ang kalooban
c. mapayapa lamang ang buhay
d. masunod ka lamang
10. Punan ang patlang ng angkop na salitang hango sa isang awit pansimbahan.
“Pagkat ang Diyos nati’y Diyos ng pag-ibig.
Magmahalan tayo at magtulungan
At kung tayo’y bigo ay huwag limutin
Na may Diyos tayong _____
- a. nagmamasid b. nagmamahal
c. nagpapatawad d. nagtuturo

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

• Naging madali ba sa iyo ang pagsusulit? Aling bahagi ang madali para sa iyo at aling bahagi naman ang mahirap? Huwag kang mag-alala, panimula pa lamang naman iyan. Sinusukat lamang ang taglay mong kaalaman tungkol sa paksa. Tutulungan kitang maipaunawa sa iyo ang iba’t ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magagandang ugaling makapagpapaunlad ng iyong katauhan sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

V. *Aralin 1: Sa Aking Mga Kabata*

A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na mga kasanayan:

1. Nasasabi ang bisa ng pamimili ng salita sa kasiningan ng akda
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa kaisipang inilahad
3. Nasusuri ang akda batay sa mga tiyak na elemento nito
4. Napatutunayan ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng wika
5. Nakasusulat ng tulang nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagmamahal sa bayan

• Bago mo basahin at suriin ang nilalaman ng tula, isagawa mo muna ang panimulang gawaing inihanda ko na pupukaw sa iyong interes ukol sa nilalaman ng tula.

Nakahanda ka na ba?

Simulan mo na!

Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo...

Panuto: Itapat ang Hanay A sa Hanay B upang makabuo ng isang makabuluhang kaisipan o paksa. Isaalang-alang mo ang pagkakaroon ng tugma. Titik lamang ang isulat.

Hanay A

1. Pilipinas ang Bayan Ko,
2. Wikang Filipino Tungo sa Landas
3. Filipino: Wikang Kasangkapan
4. Igalang ang Konstitusyon;
5. Ang Wikang Sagisag

Hanay B

- a. sa Tunay na Kalayaan
- b. Filipino ang Wika ko
- c. Wikang Filipino ay Isulong
- d. ng Modernisasyon at Globalisasyon
- e. ng Malayang Bansa

Hingin mo sa iyong guro ang susi ng sagot at iwasto mo ang iyong gawain.

2. Basahin Mo...

Nasiyahan ka ba sa inihanda kong gawain ? Ang natapos mong gawain ay may kinalaman sa tulang iyong susuriin. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito.

Handa ka na ba?

Simulan mo na ang pagbabasa.

Sa Aking Mga Kabata

Sapagkat ang baya'y sadyang umiibig
sa kanyang salitang kaloob ng langit,
sanlang kalayaan nasa ring masapit
katulad ng ibong nasa himpapawid.

Pagka't ang salita't isang kahatulan
sa bayan, sa nayo't mga kaharian,
at ang isang tao'y katulad, kabagay
ng alinmang likha noong kalayaan.

Ang hindi magmahal sa kanyang salita
ay higit sa hayop at malansang isda,
kaya nga ang marapat pagyamanin kusa
na tulad sa Inang tunay na nagpala.

Ang wikang Tagalog ay tulad din sa Latin
sa Ingles, Kastila at salitang anghel,
sapagkat ang Poong maalam tumingin
ang siyang naggawad, nagbigay sa atin.

Ang salita nati'y tulad din sa iba
na may alpabeto at sariling letra,
na kaya nawala'y dinatnan ng sigwa
ang lunday sa lawa noong dakong una.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Nagkaroon ba ng bisa ang akda sa iyo batay sa layon at nais sabihin nito? Nasiyahan ka ba sa mensahe nito?

Ang binasa mong akda ay isang tula na siyang pinakamasining na akda sa alin mang wika. Likas sa makata ang masining sa kanilang pagpapahayag. Humahabi sila ng mga mabulaklak na tula na siyang pinakamabisang tagapagpahayag ng tagulaylay ng kanilang isipan at damdamin.

Tandaan mo na ang pagiging masining sa paglalarawan ay gumigising sa mayamang guniguni o imahinasyon ng mga bumabasa o nakikinig. Gumagamit sila ng mga matatalinghagang pagpapahayag at mga piling-piling mga salita na masining at maayos niyang inihahanay sa paningin ng mga kausap o mambabasa.

Sa ibaba, nakatala ang ilang piling salita mula sa tula at masasabing nagkabisa sa akda. Tulong ito sa ganap mong pag-unawa sa iyong binasa.

3. Linangin Mo...

a. Pagsusuring Panglinggwistika

Payamanin mo ang iyong kaalaman. Ayusin ang mga titik upang mabuo ang tinutukoy na larawang-diwa o simbolo ng mga salitang nasasalungguhitan.

1. Katulad ng ibong nasa himpapawid. Ang sinasagisag ng ibon ay

a	k	a	l	n	a	y	a
---	---	---	---	---	---	---	---

2. Dinatnan ng sigwa. Sa literal na pagpapakahulugan ang tinutukoy nito ay

b	o	y	a	g
---	---	---	---	---

3. Maiuugnay sa tula na ang dumating na sigwa ay ang mga

p	o	k	a	m	n	a	a	n
---	---	---	---	---	---	---	---	---

4. Lubhang mabisa ang pahayag na, salitang kaloob ng langit sapagkat ang binabanggit dito ay ang

o	s	i	y	D
---	---	---	---	---

5. Ang baya'y sadyang umiibig. Ang pinatutungkulan ng salitang may salungguhit ay ang mga

I	p	o	P	i	N	i	l
---	---	---	---	---	---	---	---

6. Mahihinuhang may pinatutungkulan ang may-akda sa pamagat ng tula. Sino kaya?

a	b	t	a	k	A	n	A
---	---	---	---	---	---	---	---

- Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
- Matapos mong matukoy ang nais ipahiwatig ng mga piling mga salita, magiging magaan na bahagi mo na malapatan mo ng pansariling intepretasyon ang bawat saknong ng tula batay sa kaisipang nakapaloob dito. Mapadadali nito ang iyong gawain dahil isa-isa mong susuriin ang bawat saknong.

Kayang-kaya mo ito! Simulan mo na!

b. Pagsusuring Pangnilalaman

Lapatan ng pansariling interpretasyon ang bawat saknong ng tula batay sa ipinahihwatig na kaisipang nakapaloob dito. Pagkatapos, piliin mo ang titik ng kahong angkop na interpretasyon na nasa ibaba.

Bilang ng saknong	Mensahe
Saknong bilang 1	
Saknong bilang 2	
Saknong bilang 3	
Saknong bilang 4	
Saknong bilang 5	

<p>Wika’y gamit sa pakikidigma sa mapaniil na dayuhan na pinuhunanan ng dugo at luha makamit lang ang tunay na kalayaaan.</p> <p style="text-align: center;">A</p>	<p>Mga di nagpapahalaga sa ating pagkalahi pagkat gapos ng tanikala ng diwang kolonyal; wika’y iwinawaksi; ugaling kanluranin dinidiyos nang husto.</p> <p style="text-align: center;">B</p>
<p>Di pahuhuli ang Wikang Filipino sa iba pang wikain ng ating mga kalapit bansa kayat marapat na pag-ibayuhin ang paggamit nito.</p> <p style="text-align: center;">C</p>	
<p>Ibon man ay may layang lumipad. Tao pa kaya ang hindi maghangad ng paglaya.</p> <p style="text-align: center;">D</p>	<p>Wika ang sagisag ng demokrasya o kalayaan na tatak nitong ating lahi at larawan ng ating lipi.</p> <p style="text-align: center;">E</p>

Naging madali lang ba sa iyo ang pagpapakahulugan sa mga saknong? Iwasto mo na ang iyong papel. Kung malapit ang iyong pagpapakahulugan sa nakakahong susing sagot, itama mo na rin ang iyong sagot, kung mali at malayo talaga ang iyong pagpapakahulugan, huwag kang mawalan ng loob. Ang sumusunod na gawain ang lalong makapagbibigay sa iyo ng kasiyahan.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Basahin at pag-aralan mo ang nasa loob ng kahon bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito. Makatutulong ito nang malaki sa iyong pang-unawa.

Alam mo ba kung ano ang tula?

Ang tula ay pagpapahayag ng maririkit na pananalita. Ipinahahayag ito sa pamamagitan ng mga taludtod. Ang kalipunan ng taludtod ay tinatawag na taludturan o saknong.

Dapat mong mabatid na may apat na elemento ang tula. Ang mga ito'y:

1. **sukat**, na tumutukoy sa bilang ng mga pantig sa bawat taludtod
2. **tugma**, na tumutukoy sa pinag-iisang tunog ng huling pantig ng huling salita sa bawat taludtod sa isang taludturan
3. **sining o kariktan**, na tumutukoy sa paggamit ng mga pili, angkop at maririkit na salita,
4. **talinghaga**, na tumutukoy sa paggamit sa tula ng matatalinghagang pananalita at mga tayutay

Ang paggamit ng magandang pahayag ay kailangan ng isang tula. Alam mo bang magiging maganda't masining ang isang tula sa tulong ng paggamit ng mga tayutay? Sundan mo ang paliwanag ukol dito at sa mga uri nito.


Ang tayutay ay sadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng mga salita, kung kayat magiging malalim at piling-pili ang mga salita rito. Tinatawag ding palamuti ng tula ang tayutay dahil ito ang nagpapaganda sa isang tula.

Mga Uri ng Tayutay

1. **pagtutulad o simile** – isang paghahambing ng dalawang bagay na magkaiba sa pangkalahatang anyo subalit may mga magkatulad na katangian. Ito'y ginagamitan ng mga salita't pariralang tulad ng, katulad ng, parang, kawangis ng, anaki'y, animo atb.
2. **pagwawangis o metapora** – naghahambing ng dalawang bagay ngunit tuwiran ang ginagawang paghahambing
3. **pagmamalabis o hyperbole** – ay pagpapalabis sa normal upang bigyan ng kaigtingan ang nais ipahayag
4. **pagtatao o personipikasyon** – paglilipat ng katangian ng isang tao sa mga walang buhay

• Ngayong nabatid mo ang tungkol sa iba't ibang elemento ng tula at ang uri ng mga tayutay, handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang iyong natutunan. Masasagot mo iyan. Subukan mo.

Panuto: Suriin ang tula ayon sa hinihinging impormasyon ng dayagram. Itala ang iyong sagot sa strand support. Pumili ng akmang sagot sa nakatala sa mga kahong nasa ibaba. Titik lamang ang isulat



Simile _____

Personipikasyon _____

Hyperbole _____

Pagpipilian

a. hayop at malansang isda
 —→ Isipang dayuhan o
 may diwang kolonyal

b. Ibon —→ kalayaan

- c. langit → Diyos
- d. may tugmaang ganap
- e. 12 pantig sa bawat taludtod
- f. at ang isang taong katulad, kabagay...
- g. ang hindi magmahal sa kanyang salita ay higit sa hayop at malansang isada
- h. ... na tulad sa inang tunay na nagpala
- i. sapagkat ang baya'y sadyang umiibig

• Iwasto mong muli ang natapos na gawain. Ihambing mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

• Naging magaan ba sa iyo ang mga inihanda kong gawain? Maayos mo ba itong naisagawa? May bahagi bang nagpahirap sa iyo? Kung wala, hayaan mong maragdagan pa ang iyong kaalaman sa tulong ng mga gawaing magpapalawak at magpapalalim ng iyong isipan. Kung handa ka na, isagawa mo na.

d. Palalimin mo...

Narito ang dalawang kaisipang hindi tapos. Tapusin mo ang mga ito. Matapos kong mabasa ang tulang Sa Aking Mga Kabata

Lalo akong nasisiyahan kung ako ay kabilang sa pangkat ng mga taong _____

Hindi ako maligaya kung ako ay kabilang sa pangkat ng mga taong _____

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang mga sagot mo ay di katulad ng mga sagot sa susi subalit magkaugnay naman, iwasto mo ito.

e. Gamitin mo...

Lagyan mo ng tsek (✓) ang mga pahayag na sa tingin ay positibo at ekis (X) kung negatibo.

- _____ 1. Tunay na langit ang mamatay sa paglilingkod sa bayan.
- _____ 2. Pati ang magdusa ay masarap kung dahil sa bayan..
- _____ 3. Ang wika ay mabisang kasangkapan sa pagkakaisa ng sambayanan.
- _____ 4. Ang wika ay siyang pag-iisip ng bayan.
- _____ 5. Ang paggamit ng wikang dayuhan ay pagpapailalim sa ibang pag-iisip, tunay na alipin at di-malaya.
- _____ 6. Wala nang hihigit pa sa pagkadalisay gaya ng pag-ibig sa Inang Bayan.
- _____ 7. Ang taong malayo sa bayan ay sakbibí ng tuwa.
- _____ 8. Ang hiling ng dakilang bayani ay itatwa ang sariling wika.
- _____ 9. Paengles-engles pa upang masabing matalino't may mataas na pinag-aralan.
- _____ 10. Wika'y kasangkapan ng tunay na kalayaan, gamitin bawat saglit at ipahayag nang may dangal.

- Iwastong muli ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto sa huling pahina.

Kung tamang lahat ang iyong kasagutan, magaling. Sadyang naunawaan at naisasapuso mo ang iyong aralin. Kung may mga mali sa iyong mga sagot, huwag kang gaanong mabahala! Maaari mo pa ring gawin ang mga sumusunod na mga gawain sa modyul na ito upang maragdagan ang iyong kaalaman sa paksa. Sige na't subukin mo pa ang pagsagot.

f. Sulatin mo...

Punan ng nawawalang salita ang bawat patlang upang makabuo ng isang slogan.

Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

1. Ang wikang sarili'y _____
Moog na matibay ng _____
2. Wikang Filipino'y tatak nitong _____
Wikang pinagtanggol ng mga _____
3. Ang wika'y sagisag ng malayang _____
Kadalo'y ng dugong lahing _____
4. Wika'y paunlarin, laging _____
Wag yuyuraka't magsisiklab yaring _____
5. Ang wika ng dayuhan may _____
Diwang kolonyal, tunay _____

tangkilikin	lahi	bansa
Wikang Filipino	asal-buktot	mapambusabos
bayani	dibdib	nasyonalismo
	maharlika	

- Tingnan mo nga kung sa pagkakataong ito ay nakuha mo ng tama ang mga sagot sa pamamagitan ng mga susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Iwasto mo na ang iyong papel.

Magaling kung tamang lahat ang iyong mga sagot. Kung may mali ka naman, ayos lang iyon. May mga inihanda pa naman akong katulad ng araling ito.

g. Lagumin mo...

Lagumin mo ang mga kaisipang nakapaloob sa tula. Sa pamamgitan ng mga pahiwatig na salita, piliin at itapat ang tamang kaisipan na tumutugon sa mga susing pahiwatig sa mga nakakahong pangungusap sa ibaba.

May taong _____ Nagnais/nangarap ____ Ngunit _____ Kaya _____
--

inihambing niya ang mga diwang kolonyal o di nagmamahal sa sariling wika na mahigit sa hayop at malansang isda
--

na magturo ng aral na nagpapahalaga sa paggamit ng sariling wika sa kanyang mga kabata
--

namasid niyang sadyang marami sa ating mga kababayan na ikinahihiya at iwinawaksi ang paggamit ng sariling wika

- Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

Kumusta? May ngiti sa iyong mga labi. Tama bang lahat ang iyong sagot? Mabuti . Ibig lamang sabihin na naging mabunga ang ginawa mong pagsisikap sa pag-aaral. Ganap mong nakuha ang kaisipang nais ikintal ng makata.

Kung marami ka pa ring maling sagot, subukin mong sagutan ang inihanda kong pangwakas na gawain na susukat sa iyong kasanayan at kaalaman.

h. Subukin mo...

Subukin natin kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Titik lamang ang iyong isulat.

1. Kapagka ang baya'y sadyang umiibig
Sa kanyang salitang kaloob ng langit

Ang binanggit sa pahayag ay tumutukoy sa

- a. sumpa
 - b. wika
 - c. pangako
 - d. prinsipyo
-
2. Pagkat ang salita'y sadyang kahatulan
Sa bayan, sa nayo't mga kaharian
- Nangangahulugan na ang wika'y magsisilbing ...
- a. sagisag
 - b. batas
 - c. kasulatan
 - d. palatandaan
-
3. Sa taludtod na, “Ang hindi magmahal sa kanyang salita,” tinutukoy dito ang mga kababayan nating may isipang ...
- a. pesimista
 - b. optomista
 - c. kolonyal
 - d. alipin
-
4. Sa pamagat ng tula, mahihiwatigan na nais ikintal ng bayani ang pagmamahal sa wika sa murang gulang pa lamang ng mga
- a. kalaro
 - b. kababayan
 - c. katandaan
 - d. kabataan
-
5. Ang salitang may alfabeto at sariling letra ay ang wikang
- a. Ingles
 - b. kinagisnan
 - c. Kastila
 - d. Filipino
-
6. Lutang na lutang sa tula na ang sagisag ng bansang malaya ang pagkakaroon ng sariling
- a. batas
 - b. edukasyon
 - c. wika
 - d. pamahalaan
-
7. Ito ay ang sadyang paglayo sa karaniwang paggamit ng mga salita kung kayat nagiging maganda ang isang tula
- a. tayutay
 - b. palamuti
 - c. dekorasyon
 - d. pantasya

8. Ang bilang ng pantig sa kabuuan ng tula ay tinatawag na

- a. talinghaga
- b. sining
- c. sukat
- d. tugma

9. Masasalamín sa tula ang mahahalagang aral na

- a. isipang nauukol sa pag-ibig sa bayan
- b. kamulatan/kamalayan at pag-ibig sa lipunan
- c. pagpapahalaga sa sariling wika
- d. lahat ng ito

10. Ang pagkakaroon ng sariling wika ay sumasagisag sa








- a. kapangyarihan
- b. katatagan
- c. kalakasan
- d. kalayaan

Mataas ba ang puntos na iyong nakuha? Kung ang nakuha mong puntos ay 7-10, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul. Kung 6 naman pababa, isagawa mo pa ang susunod na gawain.

VI. Paunlarin mo...

Subukin mo nga ang talas ng iyong isipan.


Ayusin ang mga titik sa loob ng bilog upang mabuo ang nawalang salita sa bawat patlang.

Hanggang hindi isinusulong ang 1. _____  ng taumbayan ay hindi maaalis ang 2. _____  sa pagitan ng 3. _____  at may kalinangan at nakararaming 4. _____  ang 5. _____  natin sa 6. _____  at ang higit na 7. _____ 


dito kaysa sa ating 8. _____



ang dahilan ng malalim na 9. _____



sa pagitan ng mga 10. _____



at ng mga mata

Kunin mo ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Iwasto mo ang iyong mga gawain.

Nakaragdag pa ba sa iyong pag-unlad ang gawaing ito? Nawa'y naging produktibo ka sa pag-aaral ng modyul na ito!

Aralin 2: Ang Pag-ibig

A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod na mga kasanayan:


1. Nasasabi ang bisa sa akda ng pamimili ng salita sa paglalahad ng akda
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa argumentong inilahad
3. Nabibigyan ng reaksiyon ang pagkakabuo ng akda batay sa ideyang inilahad tungkol sa paksa
4. Natutukoy ang kahalagahan ng nagagawa ng pag-ibig sa tao
5. Nagagamit ang kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng paglalahad

Mga Gawain sa Pagkatuto


1. Alamin mo...

Likas sa isang nagmamahal na maghandog ng isang bagay na magpaparamdam ng kanyang pag-ibig. Naranasan mo na bang magbigay at mabigyan ng regalong mula sa taong itinatangi mo? Alam mo bang bawat handog ay may ipinahihiwatig? Tingnan ko nga kung mahusay kang makiramdam.


Ayusin ang mga titik sa loob ng bilog na nakapag-uugnay ng mga sariling karanasan at mga tiyak na kaalaman ng simbolo ng pag-ibig sa tulong ng mga klu.




1. Kikiligin ka sa sandaling makatanggap ka nito. Bukod sa paborito mo ito, tamis at sarap ng pag-ibig ang ipinahihiwatig nito.




2. Kakaibang galak ang hatid ng bango at ganda nito lalo pa't mula sa taong itinatangi mo.



3. Seryoso at tapat na pag-iibigan ang simbolo nito.



4. Bawat pag-ugoy nito'y hatid ang init ng pagmamahal ng ina sa pinagheheleng bunso.



5. Sa mga nauumid na dila, ito ang paraan ng pagpapahayag ng kanilang niloob na pag-ibig.

Mukhang mabilis mong natapos ang gawaing inihanda ko. Natutuwa ako't nakapukaw ito ng iyong interes. Hingin mo na ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong gawain.

Nadalian at nasiyahan ka ba sa panimulang gawain? Mabuti kung ganoon. Lalo kang magaganyak na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito kung mababasa mo ang akda.

2. Basahin mo...

Natitiyak ko na naranasan mo ng umibig at ibigin din naman. Tama ba? Isang kaligayahan na para sa tao ang siya'y pag-ukulan ng pagmamahal. Ang taong umiibig ay handang magpakasakit at umunawa. Gagawin ang lahat alang-alang sa taong kanyang minamahal, gaya ng pag-ibig ng Dyos sa sanlibutan; ng magulang sa anak...

May kaugnayan ang paksang ito sa seleksiyong inihanda ko para sa iyo. Basahin at unawain mong mabuti ang nilalaman nito.

Simulan mo na. .

Ang Pag-ibig

Sa lahat ng damdaming ng puso ng tao ay wala nang mahal at dakila na gaya ng pag-ibig.

Ang katwiran, ang katotohanan, ang kabutihan, ang kagandahan, ang Maykapal, at ang kapwa-tao ay siya lamang mangyayaring maging sanhi ng pag-ibig, siya lamang makapagpapabukal sa loob ng tunay at banal na pag-ibig. Kung ang masama at matuwid ay ninanasa rin ng loob, hindi ang pag-ibig ang tunay na siyang may udyok kundi ang kapalaluan at kasakiman.

Kung ang pag-ibig ay wala, ang mga bayan ay hindi magtatagal at kara-karakang mapapawi sa balat ng lupa ang lahat ng pagkakapisan at pagkakaisa, at ang kabuhayan ay matutulad sa isang dahon na kahoy na niluoy ng init at tinangay ng hanging mabilis.

Ang tunay na pag-ibig ay walang iba kundi iyong makaakay sa tao sa mga dakilang gawa sukdulang ikawala ng buhay sampu ng kaginhawahan.

Ngunit ang kasakiman at katampalasan ay nag-aanyo ring pag-ibig kung minsan, at kung magkagayon na ay libu-libong mararawal na kapakinabangan ang nakakapalit ng gapatak na pagkakawanggawa na nagiging tabing pa man din ng kalupitan at ng masakim na pag-iimbot. Sa aba ng mga bulag na isip na nararahuyo sa ganitong pag-ibig.

Ang pag-ibig - wala na kundi ang pag-ibig na tanging binabalungan ng matatamis na alaala sa nagdaan at ng pag-asa naman na darating. Sa malawak na dagat ng ating mga kahirapan at pagdurusa, ang pag-ibig ang siyang nagiging dahilan lamang kung kaya natin minamahal pa ang buhay.

Kung ang magulang ay walang pag-ibig sa anak, sino ang magbabatang mag-iwi sa mga sanggol? At mabubuhay naman kaya ang mga anak sa sarili lamang nila? Kung anak kaya naman ay walang pag-ibig sa magulang; sino ang magiging alalay at tungkod ng katandaan? Ang kamatayan ay lalo pang matamis kaysa buhay para sa matandang nangangatal ang tuhod at nanlalabo ang pagod na mga mata ay wala nang malipangang mag-aakay at makaaaliw sa kanyang kahinaan.

Ang tunay na pag-ibig ay walang ibinubunga kundi ang tunay na ligaya at kaginhawaan. Kailan pa ma't sapin-sapin ang dusang pinapasan ng bayani, at ang kanyang buhay ay nalipos ng karukhaan at lungkot, ang dahilan ay sapagkat hindi ang tunay na pag-ibig ang naghahari kundi ang taksil na pita sa yama't bulaang karangalan.

Sa aba ng mga bayang hindi pinamamahayanan ng wagas at taimtim na pag-ibig!

Sa pag-ibig nunukal ang kinakailangang pagdadamayan at pagkakaisang magbibigay ng di-maihahanay na lakas na kailangan sa pagsasanggalang ng matuwid.

Sa aba ng mga bayang hindi pinamamahayanan ng pag-ibig ay binubulag ng hamak na pagsasarili. Ang masasama ay walang ibang ninanasa kundi ang ganitong kalayaan. Gumagawa ng daan tungo sa pag-aalitan, kaguluhan, pagtaniman, at pagpapatayan sapagkat kinakailangan ng kanilang kasamaan. Ang hangarin nila ay mapagbukod-bukod ang mga mamamayan upang kung mahina na at dukha dahil sa pag-iiringan, sila ay makapagpapasasa sa kanilang kahinaan at karupukan.

Oh! Sino ang makapagsasaysay ng mga himalang gawa ng pag-ibig?

Ang pagkakaisa na siyang kauna-unahang bunga niya ay isang lakas at kabuhatan, at kung nagkakaisa na't nag-iibigan, ang lalong malalaking hirap ay nagiging magaang pasanin, at ang munting ligaya'y matimyas na nalalasp. Kung bakit nangyari ang ganito ay hindi matatalos ng mga pusong hindi nakadarama ng tunay na pag-ibig.

At upang mapagkilalang magaling na ang pag-ibig ay siya ngang susi at mutya ng kapayapaan at ligaya. Ikaw na bumabasa nito, mapagnanakawan mo kaya, mapagdadayaan, o matatampalasan mo kaya ang iyong ina't mga kapatid? Hindi, sapagkat sila'y iniibig, at sa halip ay dadamayan mo ng iyong dugo at sampu ng buhay kung sila'y nakikitang inaapi ng iba. Gayundin naman, kung ang lahat ay mag-iibigan magpapalagayang tunay na magkakapatid, mawawala ang lahat ng mga pag-aapihan na nagbibigay na madlang pasakit at di-mabatang mga kapaitan.

Kung ang pag-ibig sa kapwa ay wala, nilulunod ng malabis na pagsasarili ang magagandang akala. Ipapalagay na may tapat na nais at tatawaging marurunong dumamay sa kapighatian at pagkaapi ng kanyang mga kapatid.

Maling mga isip at ligaw na loob ang manambitan sa mga hirap ng tao sa inaakalang walang katapusan. Sukat ang matutong magmahal at manariwang muli sa mga puso ang wagas na pag-ibig sa kapwa, at ang tinatawag na bayan ng hinagpis ay matutulad sa tunay na paraiso.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Bigyan ng pansin ang paggamit ng matatalinghagang pahayag at salita sa binasang sanaysay. May kabuluhan ba ito sa pagpapahayag? Tingnan ko nga kung paanong naging mabisa ang pamimili ng salita sa isang paglalahad. Kaugnay nito, isagawa mo ang sumusunod na mga gawain. Sikapin mong maging maingat sa pagsagot upang magtagumpay ka sa iyong pag-aaral at pagsusuri.

3. Linangin mo...

Simulan natin ang paglinang ng iyong kaalaman sa:

a. Pagsusuring Panginggwistika

Mayaman sa mga konotasyon o pahiwatig ang sanaysay. Pumili ng mga tiyak na pahayag na hango sa akda na may kaugnayan sa mga sumusunod na nakatala sa ibaba. Titik lamang ang iyong isulat.

- _____ 1. nawawalang saysay at nauuwi sa wala ang lahat sa balat ng lupa
- _____ 2. minsan, mapagkunwari ang pag-ibig
- _____ 3. ang mabuhay sa mundo ay punung-puno ng kabalintunaan ng buhay sa ating inaasahan
- _____ 4. dinaranas na hirap ng pag-aaruga ng magulang sa anak
- _____ 5. pagtanaw ng utang na loob ng anak sa mga magulang
- _____ 6. bayang naghihirap ay giginhawa rin

Mga Piling Pahayag:

- a. ang tinatawag na bayan ng hinagpis ay matutulad sa paraiso
- b. ang anak ang magiging gabay at tungkod ng katandaan
- c. malawak na dagat ang ating mga kahirapan at pagdurusa
- d. ang kasakiman at katampalasan ay mag-aanyo ring pag-ibig
- e. ang kabuhayan ay matutulad sa isang dahon na kahoy na niluoy ng init at tinangay ng hanging mabilis
- f. ang nagbabatang mag-iwi ng sanggol

Kumusta ang iyong pakiramdam sa katatapos na gawain? Nagising ba ang iyong guniguni o imahinasyon bilang mambabasa? Iyan ang kabuluhan at kahalagahan ng mga konotasyon o pahiwatig sa sanaysay. Gumagamit ng mga matatalinghagang pagpapahayag at mga piling-piling mga salita na masining at maayos niyang inihahanay sa paningin ng mga kausap o mambabasa.

- Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

c. Pagsusuring Pangnilalaman

Mayaman sa nais sabihin ang akdang, Ang Pag-ibig. Napansin mo ba? May iba't ibang argumento tungkol sa sanaysay.

Muli mong balikan ang binasang akda. Humango ka ng isang tiyak na bahagi na magpapatunay sa mga argumentong nakatala na umaayon sa sarili mong interpretasyon. Isulat na lamang kung ano ang bilang ng talata.

Bilang ng talata

- | | | |
|----|--|----------------------|
| 1. | Ang taong nakadarama ng marubdob na pag-ibig ay di alintanang maging kapalit ang buhay | Talata Blg.
_____ |
| 2. | Maraming himalang gawa ng pag-ibig | Talata Blg.
_____ |
| 3. | Mahalaga pa rin ang buhay sa kabila ng kahirapang dinaranas | Talata Blg.
_____ |
| 4. | Tunay na ligaya at kaginhawahan ang ibinubunga ng tunay na pag-ibig | Talata Blg.
_____ |
| 5. | Mahalaga ang pagkakaisa ng tao | Talata Blg.
_____ |

Naibigan at naging madali ba sa iyo ang paglalapat ng mga argumentong inilahad sa akda ayon na rin sa sarili mong pagkaunawa? Iwasto mo na ang iyong papel. Muli, hingin sa iyong guro ang susi ng pagwawasto.

c. Pagsusuring Pampanitikan

Bago mo isagawa ang gawain sa bahaging ito, may mga mahahalagang kaalaman kang dapat mo munang alamin. Makatutulong ito nang malaki sa iyong ganap na pang-unawa. Basahin at unawain mong mabuti ang nasa loob ng kahon.

Alam mo ba kung ano ang sanaysay?

Ang sanaysay ay isang anyo ng paglalahad sapagkat sarili ng may-akda ang kinapapalooban ng kanyang sariling “pangmalas at pananaw”. Napapaloob dito ang kanyang damdamin. Tandaan mo, kailangang maging malinaw, mabisa at kawili-wili ang paglalahad ng sanaysay.

May dalawang uri ng sanaysay


1. **Maanyo o pormal** - ito ay nangangailangan ng maingat at mabisang paglalahad at ang pananalita’y pinipiling mabuti. Ang paksa ay pinag-uukulan ng masusing pag-aaral.
2. **Malaya o palagayang sanaysay** - madali mong makikilala ang ganitong uri ng sanaysay. May pagkamalapit o palagay ang loob ng sumulat sa mambabasa maging sa ipinahihiwatig ng paksa o sa himig ng pananalita. Ito’y may malayang pamamaraan, karaniwang ang himig ay parang nakikipag-usap, kung minsa’y tila ibig magpakilala ng isang munting panuntunan sa buhay. Ito ay masaya at nagpapatawa at maliwanag na kababanaagan ng magandang kalooban.

Malayo sa karaniwan ang ginagawang paglalahad ng isang mananalaysay kung ang kanyang isinusulat ay isang sanaysay na pormal na paraan. Sa pormal na pagsasalaysay, mahalagang tandaan mo na piling-pili ang ginagamit na salita, parirala, pangungusap sa pagpapahayag ng ideya at argumento. Matimpi at matalinghaga ang paraan ng paglalahad na nagiging dahilan ng pagkamasining ng akda.

Bukod sa masusing pamimili ng salita, buong ingat ding pinag-iisipan ng mananalaysay ang lohikong pagkakasunud-sunod ng mga argumento at ideya. Inulalahad ang paksa sa isang masusing pagsusuri na maaaring maging bunga ng pagbabasa, pagmamasid, pakikinig at pagsusuri ng umiiral na sistema.

• Ngayong nabatid mo na ang tungkol sa paraan ng paglalahad ng tuon sa sanaysay, handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang iyong natutunan. Masasagot mo iyon. Subukan mo.

1. Kung susuriin mo ang paraan ng ginawang paglalahad sa kababasang sanaysay, tumutugon ba ito sa mga katangian ng isang pormal na paglalahad? Patunayan mo nga ito sa pamamagitan ng pagpuno sa hinihinging impormasyon sa dayagram. Titik lamang ang isulat.



lohikong pagkakasunod-sunod ng argumento/ideya.
Bunga ng masusing pag-aaral

mabisa/maingat,
malinaw
kawili-wili
matimpi
matalinghaga

piling-pili
masusi

2. Kung susuriin pa rin ang akda nakatuon ito sa pagbibigay-puri sa nadaramang pag-ibig ng tao.

a. Patunayan sa tulong ng tiyak na bahagi na ang sanaysay ay nagpapatungkol sa kadakilaang nagagawa ng pag-ibig. Isulat sa tapat ng bilang kung ang pahayag ay nagbibigay-puri sa Sarili, Kapwa at Bayan

- _____ 1. Naaakay ka sa dakilang gawa.
- _____ 2. Nakadarama ng pagkahabag sa kapwa.
- _____ 3. Nagkakabuklud-buklod ang mga mamamayan.
- _____ 4. Hindi alintana ang magbuwis ng buhay sa gitna ng himagsikan
- _____ 5. Ipinagtatangol ang mga kababayang binubusabos ng dayuhan.
- _____ 6. Binabahaginan ng kaunting kabuhatan ang aba.
- _____ 7. Minamahalaga mo ang buhay.

• Iwasto mong muli ang natapos na gawain. Ihambing mo ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto.

• Naging magaan ba sa iyo ang mga inihanda kong gawain? Maayos mo ba itong naisagawa? May bahagi bang nagpalito sa iyo? Kung wala, madaragdagan pa ang iyong kaalaman sa tulong ng mga gawaing hahamon, magpapahalaga't magpapatingkad sa magandang katangian ng taong mamamahay ang pag-ibig sa puso.

d. Halagang Pangkatauhan

Piliin at iantas mo ang mahalaga para sa iyo ayon sa iyong prayoridad o pagpapahalaga. Gumamit ng titik **a-e**

- _____ 1. Subsob ka sa paghahanapbuhay para sa kinabukasan ng iyong pamilya .
- _____ 2. Ang mahihirap ay iyong inaabutan ng tulong.
- _____ 3. Ipagtatanggol mo ang lahing nalulupig.
- _____ 4. Ang kasiyahan mo ay nasa pagpapalaganap ng mabuting balita.
- _____ 5. Pangarap mo'y pag-ugit sa pamahalaan nang tapat.

Hingin mo ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawain. Ang katapatan sa pagwawasto ang pairalin mo.

f. Palalimin mo...

Ang susunod na gawain na pagtutuunan mo ng pansin ay paglalagay ng tsek (✓) kung ang pahayag ay naghatid ng bisang pangkaisipan; star (☆) kung pangkaasalan, at puso (♡) kung pandamdamin.

- _____ 1. Ang tunay na pag-ibig ay pagmamahal nang higit pa sa sariling buhay.
 - _____ 2. Walang sinuman ang maaaring humusga sa kahiwagaan ng pag-ibig.
 - _____ 3. Ang pag-ibig ay di bulag; ang pag-ibig ay may mata.
 - _____ 4. Walang mahalagang hindi inihandog ng may pusong mahal sa bayang nagkupkop.
 - _____ 5. Wala nang hihigit pa sa pagkadalisay gaya ng pag-ibig sa Inang Bayan.
 - _____ 6. Sa mga akda ng mga bayani isiniwalat at iminulat ang isipan ng mga Pilipino na lumaban sa mga mapambusabos na dayuhan.
 - _____ 7. Pagpapahalaga ng mga namumuno at empleyado ng gobyerno sa integridad, karangalan at pananagutan.
 - _____ 8. Matapat na dinirinig ng ating lingkurang bayan ang kagustuhan ng mga tao sapagkat higit silang nakatatalos ng kanilang kailangan at paglilingkod.
 - _____ 9. Ang lahat ng tao'y may pananagutan sa kapwa nilikha at maging sa lipunan.
 - _____ 10. Kailangang tayo'y laging produktibo sa pagtrabaho.
- Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto ang iyong gawain

f. Gamitin mo...

Tingnan ko kung paano mo mailalapat sa iyong sarili ang mga mahahalagang bagay na natutunan mo sa araling ito. May mga pahayag sa ibaba na maaari mong maging panuntunan o gabay sa buhay.

Isulat ang **K** kung katanggap-tanggap at **DK** kung di katanggap-tanggap ang pahayag.

- _____ 1. Magkaroon ng pagtitiwala at pananampalataya sa Diyos.
- _____ 2. Ibigin mo ang iyong bayan sapagkat ito ang kandungan ng iyong kaligayahan at mga kapakanan.
- _____ 3. Igalang mo ang iyong mga magulang.

- _____4. Pahalagahan mo ang iyong karangalan na katulad ng pagpapahalaga mo sa iyong buhay.
- _____5. Ang kayamanan ay lalong mabuti kaysa karalitaan.
- _____6. Maging matapat ka at umibig sa katotohanan.
- _____7. Maging makatarungan ka at mapagkawanggawa, magalang at kapita-pitagan sa iyong pakikitungo sa iyong kapwa.
- _____8. Mamuhay nang isang kabuhayang aba na malinis at marangal.
- _____9. Gumawa nang may katuwaan ang iyong puso dahil sa kagalingan ng iyong ginawa.
- _____10. Ikahiya ang gumawa sa pamamagitan ng iyong bisig.

Nakikita mo ba ang iyong sarili sa darating na panahon. Isang taong kapita-pitagan at may mataas na pagpapahalaga sa sarili at ikararangal ng bayan. Tingnan natin! Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

g. Sulatin mo...

Hindi ka man manunulat, binibigyan kita ng pagkakataon na buuin ang mga salita sa patlang upang makabuo ng diwa ng talata.

Ang pag-ibig ay bugso ng (1) dam_____ nagmumula sa puso ng taong (2) umi _____. Hindi ito tumitingin sa (3) pan_____ na kaanyuaan o sumusukat ng pagkatao ng (4) is _____ nilalang; kaligayahan na ng isang nagmamahal ang (5) ipagka_____ ang anumang ikaliligaya ng kanyang (6) mina _____. Handa siyang magtiis at (7) magpaka _____. Wika nga, hindi man (8) magsa _____ at (9) magbad _____ sa kilos ay (10) nakiki _____.

- Ihambing mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Marami ka bang tamang sagot? Mabuti. Nangangahulugang naging makabuluhan ang ginawa mong pag-aaral. Sanay na sanay ka sa bawat kasanayan sa mapanuring pagbasa. Maaari mong balikan at pag-aralan ang ilang kamalian upang lubos na maunawaan kung bakit iyon ang naging sagot.

- Subukin ko kung hanggang saan sa kabuuan ang iyong natutunan. Sagutin mo pa ang susunod na gawain.

h. Lagumin mo...

Dugtungan mo ang sumusunod na mga pahayag upang maging buo at ganap ang diwa. Matapos mong mabasa at mapag-aralan ang sanaysay,

Nabatid kong 1

Napatunayan kong 2

Nadama kong 3

- Kung ang iyong sagot ay katulad ng nasa iyong guro, ito ay magiging katanggap-tanggap. Iwasto mo ang iyong gawain.

i. Subukin mo...

Marahil marami ka ng natutuhang kaalaman hinggil sa araling iyong pinag-aralan. Subukan mo kung masasagot mo ang inihanda kong katanungan.

Piliin ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat mo.

1. Kara-karakang mapapawi sa balat ng lupa ang lahat ng pagkakapisan at pagkakaisa. Ang may salungguhit ay nangangahulugang
 - a. magbabago
 - b. uunlad
 - c. maglalaho
 - d. magsusulputan
2. Sa aba ng mga bulag na isip na nararahuyo sa ganitong pag-ibig. Ang kasalungat na kahulugan ng may salungguhit ay
 - a. nahuhumaling
 - b. nalilihis
 - c. natutuon
 - d. nalalayo
3. Ang kasakiman at katampalasan ay nag-aanyo ring pag-ibig. Tinutukoy sa pahayag na ito ang mga
 - a. manlolokong mangingibig
 - b. mapagbalatkayong manunuyo
 - c. tuso at materyalosong manliligaw
 - d. lahat ng nabanggit

4. Malawak na dagat ng ating mga kahirapan at pagdurusa. Ang argumentong ito ay nagpapaliwanag na
 - a. mahiwaga ang buhay
 - b. masalimuot ang pamumuhay
 - c. maligalig ang paglalakbay
 - d. ang mabuhay ay batbat ng pakikipagsapalaran

5. Nang dahil sa pag-ibig marami ang minamahalaga pa ang buhay. Madarama mo sa pahayag na ito na
 - a. kaysarap mabuhay kung may nagmamahal
 - b. nabibili na ang pagmamahal
 - c. makulay na daigdig ang buhay
 - d. masigla ang buhay

6. Kung susuriin, ang sanaysay ay nakatuon sa pagbibigay-puri sa
 - a. pagpapakabuti ng tao
 - b. himalang gawa ng pag-ibig
 - c. pagbubuwis ng buhay
 - d. pagkakawanggawa sa kapwa

7. Kapansin-pansin na piling-pili ang ginamit na salita, parirala at pangungusap sa pagpapahayag ng
 - a. diwa
 - b. ideya at argumento
 - c. porma
 - d. sistema

8. Sa kabuuan ng paglalahad sa sanaysay, tumutugon ito sa katangian ng
 - a. pormal
 - b. palagayan
 - c. pahiwatig
 - d. talinghaga

9. Higit na dakila ang pag-ibig ng taong
 - a. marunong umunawa sa kalagayan ng iba
 - b. nakauunawa sa mga pagkukulang ng kapwa
 - c. nakalaang magpaalipin sa iba
 - d. handang magbuwis ng buhay para sa kanyang bayan

10. Ang pag-ibig ay walang ibubunga kundi ang tunay na kaginhawaan at
 - a. kasaganaan
 - b. kasarinlan
 - c. kadakilaan
 - d. kaligayahan

- Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto ang iyong gawain.

- Kung ang iskor na nakuha mo ay 6 pataas, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul at kung 5 pababa naman ang iyong iskor, isagawa mo muna ang sumusunod na gawain.

VI. Paunlarin mo...

Dugtungan mo ng nawawalang salita ang mga sumusunod na mga slogan. Piliin mo ang angkop na salita sa loob ng kahon sa ibaba. Titik lamang ang iyong isulat.

Walang hihiigit pa sa pagkadalisan at 1
Sa pag-ibig sa 2

Pati ng magdusa't sampung 3
Wari ay masarap kung dahil sa 4

Kung sa pagtatanggol buhay ay 5
Ito'y kapalaran at tunay na 6

Sandigan ng tao't ng 7 bayan
Wagas na pag-ibig, dakila't 8

marangal	pagkadakila	tinubuang lupa
bayan	langit	napatid
sariling	kamatayan	

Kunin mo ang susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Pinaaalala ko ang pagiging matapat sa pagwawasto.



Gaano ka na kahusay?

Maayos pa ba ang iyong pakiramdam? Ganyan nga kaibigan. Ngumiti ka! Sa dami ba naman ng mga konseptong iyong natutunan, natitiyak kong masasagutan mo ang pangwakas na pagsusulit na ito. Dito masusukat kung gaano ka na kahusay at kung naging mabuti kang mag-aaral. Simulan mo na.

Piliin ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat mo.

- Ang angkop na idyoma sa salitang kabata na ginawang pamagat ng tula ay
 - kabungguang kabalikat
 - kaututang dila
 - karugtong ng pusod
 - lahat ng nabanggit
- Ang munting ligaya ay matimyas na nalalapas, Alin sa mga sumusunod ang tumutugon sa may salungguhit?
 - matamis
 - matingkad
 - masaya
 - masagana
- “Mga kababayang di nagpapahalaga sa ating pagkalahi sapagkat taglay ang isipang kolonyal at diwang alipin.” Ang pahayag ay makikita sa saknong blg.
 - 1
 - 3
 - 5
 - 2
- Ang salita nati’y tulad din sa iba na may alpabeto at sariling letra

Ang salita nati’y tulad din sa iba na may alpabeto at sariling letra
--

 Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag sa loob ng kahon?
 - Hindi pahuhuli ang Wikang Pilipino
 - Nakaangat ang wikain ng mga banyaga
 - Ang wikang sarili’y kailangang pagyamanin pa
 - Nagbabagu-bago ang ating alpabeto
- Kayang bathin ng isang tao ang anumang kahirapan at pagdusta hangga’t
 - may nagmamahal sa kanya
 - nasa kanyang tabi ang mga magulang
 - mayroon pa siyang masasandalan
 - minamahal pa niya ang kanyang buhay

6. Sa tulang *Sa Aking Mga Kabata* ang larawang-diwa na mabubuo ay
- marami sa ating mga kababayan ay di nagpapahalaga sa wika
 - pinuhunanan ng dugo ang nakakamit nating tunay na kalayaan
 - wika ang tatak nitong ating lahi at larawan ng ating lipi
 - lahat ng ito
7. Kapag ang akda ay naglalahad ng sariling pangmalas at pananaw ng may-akda tungkol sa isang paksa. Tinatawag itong
- talambuhay
 - balita
 - sanaysay
 - talumpati
8. Ang paglalahad sa isang paksa upang maging kawili-wili ay kailangang mabisa at
- malinaw
 - mahaba
 - maikli
 - maligoy
9. Dahil sa pag-ibig, ang pinakadakilang maaaring gawin ng tao ay
- magkaisa
 - mag-alay ng buhay
 - magdamayan
 - magmahal
10. Ang pagkakaisa na siyang kauna-unahang bunga niya ay isang lakas at kabuhatan at kung nagkaisa na't nag-iibigan ang lalong malalaking hirap ay magiging magaang pasanin. Alin sa mga sumusunod na salawikain ang may kaugnayan sa pahayag?
- Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa
 - Gawain ay gumagaan, kung nagtutulungan
 - Ang di-lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan
 - Walang mithiing di – makakamtan kung pagsisikapan

- Muli mong hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Mataas ba ang iskor na nakuha mo? Maligaya ka na ba sa naging bunga ng iyong pag-aaral sa modyul na ito. Paalam! Hanggang sa muli, kaibigan!

Modyul 1
Susi sa Pagwawasto

Aralin 1



Ano na ba ang alam mo?

Ano Ba Ang Alam Mo?

- | | |
|------|-------|
| 1. a | 6. a |
| 2. b | 7. a |
| 3. d | 8. b |
| 4. b | 9. d |
| 5. b | 10. b |



Mga Gawain sa Pagkatuto

Alamin mo...

1. b
2. d
3. a
4. c
5. e

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. e
2. a, b, c
3. simile - f, h
personipikasyon - i
hyperbole - g

Palalimin mo

- nagmamahal sa wika
- itinakwil ang wika

Gamitin mo...

- | | |
|------|-------|
| 1. √ | 6. √ |
| 2. √ | 7. X |
| 3. √ | 8. X |
| 4. √ | 9. X |
| 5. √ | 10. √ |

Linangin mo...

Pagsusuring Panglinggwistika

1. kalayaan
2. bagyo
3. mananakop
4. Diyos
5. Pilipino
6. kabataan

Lagumin mo...

1. b
2. a
3. d
4. c

Paunlarin mo...

- | | |
|---------------|------------------|
| 1. wika | 6. ingles |
| 2. agwat | 7. pagkiling |
| 3. matatalino | 8. sariling wika |
| 4. masa | 9. bangin |
| 5. pagmamahal | 10. propesyonal |

Sulatin mo...

1. Wikang Pilipino
nasyonalismo
2. lahi
bayani
3. bansa
maharlika
4. tangkilik
dibdib
5. asal-buktot
mapambusabos

Subukin mo...

- | | |
|------|-------|
| 1. b | 6. c |
| 2. a | 7. a |
| 3. c | 8. c |
| 4. d | 9. d |
| 5. d | 10. d |

Aralin 2

 *Mga Gawain sa Pagkatuto*

A. Pagsusuring Pampanitikan

1. e
2. d
3. e
4. c
5. b
6. a

B. Pagsusuring Pangnilalaman

1. a
2. 14
3. 6
4. 9
5. 11

C. Pagsusuring Pampanitikan

- 1.1 b
- 1.2 c
- 1.3 a

- 2.1 sarili
- 2.2 kapwa
- 2.3 bayan
- 2.4 bayan
- 2.5 bayan
- 2.6 kapwa
- 2.7 sarili

D. Halagang Pangkatauhan

1. b
2. d
3. c
4. a
5. e

E. Palalimin mo...

1. ♥
2. ☆
3. ✓
4. ♥
5. ♥

6. ✓
7. ☆
8. ☆
9. . ✓

Gamitin mo...

1. K
2. K
3. K
4. K
5. DK
6. K
7. K
8. K
9. K
10. DK

Sulatin mo...

1. damdamin
2. umiibig
3. panlabas
4. isang
5. ipagkaloob
6. minamahal
7. magpakasakit
8. magsalita
9. magbadya
10. nakikikaka

Paunlarin mo...

- | | |
|-------------------|-------------|
| 1. pagkadakila | 5. mapatid |
| 2. tinubuang lupa | 6. langit |
| 3. kamatayan | 7. sariling |
| 4. bayan | 8. marangal |



Gaano ka na kahusay?

- | | |
|------|-------|
| 1. d | 6. d |
| 2. a | 7. c |
| 3. b | 8. a |
| 4. a | 9. b |
| 5. d | 10. b |

Lagumin mo...

1. mapalad ang taong umiibig
2. maraming himala ang nagagawa ng pag-ibig
3. sa kabila ng kahirapan at pagdurusa, mahalaga pa rin ang buhay

Subukun mo...

1. c
2. d
3. d
4. d
5. a
6. b
7. b
8. a
9. d
10. d

Unang Markahan

Modyul Bilang 2	Kasanayan				Pamagat	Genre
	Pagsasalita	Pagbasa	Pampantikan	Pagsulat		
	Napatutunayan ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng wika	Masasabi ang bisa sa akda ng pamimili ng salita Nasusuri ang ang akda batay sa mga tiyak na elemento nito	Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa kaisipang inilahad	Nakasusulat ng tulang nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagmamahal sa bayan	Sa aking Mga Kabata	Tula
	Natutukoy ang kahalagahan ng magagawa ng pag-ibig sa tao	Nasasabi ang bisa ng pamimili ng salita sa paglalahad ng akda Nabibigyan ng reaksyon ang pagkakabuo ng akda batay sa ideyang inilahad tungkol sa paksa	Nailalapat ang pansariling intrestasyon sa akda batay sa argumentong inilahad	Nagagamit ang kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng paglalahad	Ang Pag- ibig	Sanaysay